THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 41* Oktubre 9 - 15, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# P20.7-M HALAGA NG MARIJUANA, NASABAT; 8 SUSPEK, NATIMBOG

sundan sa pahina 3



## PNP, DOH lumagda ng kasunduan para sa karagdagang health care workforce sa mga ospital; sanggol na ipinanganak sa PNP Isolation Facilty, bininyagan na

sundan sa pahina 2






## PULISYAPEDIA

**Maaari bang mangolekta ng interes sa utang kung hindi ito nasusulat?**

Walang pagbabawal sa pagkakaroon ng kasunduan tungkol sa interes ng utang. Ito ay bahagi ng freedom to contract ng bawat tao na nakasaad sa Saligang Batas ng 1987. Sa katunayan, ang mismong batas ay nagtatakda ng legal interest na 6% per annum kung walang napag-usapan ang dalawang partido. Ngunit hindi maaaring mangolekta ng interes na mas mataas dito kung hindi nakalagay sa written contract. Malinaw sa Article 1956 ng Civil Code of the Philippines na walang interes ang maaaring kolektahin kung hindi ito nakasaad sa nasusulat na kontrata. Ipinagbabawal ang paniningil ng interes kung hindi ito makikita sa nasusulat na kasunduan at tanging ang legal interest ang maaaring ipatong sa nasabing utang.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
**09175382495**

SMART
**09988490013**

LANDLINE
**(02)87253176**

E-MAIL
**ncovmonitoring@gmail.com**




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG



**0919-160-1752** - SMART
**0917-847-5757** - GLOBE
**888** - Presidential Complaints Center
**911** - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# PNP, DOH lumagda ng kasunduan para sa karagdagang health care workforce sa mga ospital; sanggol na ipinanganak sa PNP Isolation Facilty, bininyagan na




**Bilang pagtugon sa direktiba ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte para sa mga medical personnel na pulis at militar na tumulong sa mga ospital na may mataas na kaso ng coronavirus disease 2019 (COVID-19), isang Memorandum of Agreement ang nilagdaan sa pagitan ng Philippine National Police (PNP) at Department of Health (DOH) noong Linggo, ika-10 ng Oktubre ng taong kasalukuyan.**

Pinangunahan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang isang send-off ceremony sa Camp Crame, Quezon City kung saan 10 pulis-nars ang itinurn-over sa DOH para tumulong sa mga ospital na may maraming pasyente ng COVID-19.

"We also like to extend our gratitude for your steadfast in doing your job in the fight against COVID-19 since its start in 2020, to provide boarder control, rain or shine, and minimize the spread of the virus and also in managing our isolation facilities and vaccination centers to ensure safety and security of our health workers and patients, and lastly, this provision of additional manpower to our public and private hospitals like the Cardinal Santos Medical Center. This is a concrete proof of our cooperation as one country, by working together to recover as one", pahayag-pasasalamat ni DOH-NCR Director Gloria J. Balboa.

Tiniyak naman ni PGen Eleazar na laging nakahanda ang PNP para tumulong sa programa ng pamahalaan para sa mga mamamayang Pilipino.

Pinapurihan din ng hepe ang PNP Medical Force sa kanilang ipinamalas na sakripisyo at dedikasyon sa ngalan ng kalusugan at serbisyo-publiko.

"To our 10 Health Service nurses who will be initially assigned at the Cardinal Santos Medical Center and to all our PNP medical force, we commend all of your hard work, professionalism, dedication, and commitment during this challenging time. Undeniably, no cause is more worthy than the cause of saving human lives. As law enforcers, we shall continuously serve as beacons of hope and vanguards of humanitarian action in the interest of national security, public safety, and public health," ani PGen Eleazar.

Samantala, bininyagan sa kaparehong araw ang sanggol na ipinanganak sa loob ng Kiangan facility sa Kampo Crame noong Setyembre 16, 2021.

Matatandaan na ang ina ng sanggol na isang Patrolwoman na naka-assign sa Manila Police District-Station 9 ay nagpositibo sa COVID-19 at na-quarantine sa naturang pasilidad. Ligtas at malusog niyang ipinanganak ang sanggol sa tulong ng dalawang (2) pasyente rin na naka-quarantine, isang doktor at isang non-uniformed personnel.

Tumayo bilang ninong at ninang si PGen Eleazar at kanyang maybahay na si Mrs. Rosalie H. Eleazar, kasama ang PNP Command Group.

# PGen Eleazar, pinuri ang maagap na pagresponde ng mga pulis sa paghagupit ng bagyong Maring

**Pinapurihan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang mga kapulisan sa Northern Luzon at iba pang bahagi ng bansa dahil sa kanilang maagap na pagtulong at pagresponde sa mga residente sa lugar na apektado ng bagyong Maring.**

Nakaranas ng matinding pagbaha at landslides ang ilang probinsya sa Northern Luzon kung kaya't nagsagawa ng search and rescue operation at iba pang disaster response operations ang mga kapulisan.

"They also have their own families to attend to but the fact that they were visible during the disaster response with the LGU personnel only manifests their dedication to help. Ito ang tunay na kahulugan ng police service na patuloy nating itinatanim sa puso at isipan ng ating mga kapulisan," wika ni PGen Eleazar.

Bago pa man pumasok sa Philippine Area of Responsibility, ipinag-utos na ni PNP Chief sa lahat ng unit commanders ang maagang paghahanda lalo na sa mga lugar na dadaanan ng bagyong Maring.

"Sa kabila ng babala ay marami pa rin sa ating mga kababayan ang naipit sa baha at nauunawaan natin ito dahil hindi naman talaga inaasahan na maapektuhan ang kanilang mga lugar at meron ding agam-agam ang ating mga kababayan sa paglikas dahil sa takot na mahawa ng coronavirus. Kaya naman kasama ito sa pagpaplano noong magpalabas ako ng direktiba na maghanda ng maaga sa epekto ng bagyong Maring," ani PGen Eleazar.

Patuloy pa rin ang isinasagawang road-clearing operations ng PNP sa mga lugar na nasalanta ng bagyo at relief operations para naman sa mga apektadong residente.




# Embahada ng Pilipinas sa Korea, lalahok sa World Police Uniform Exhibition





**Inanunsyo ng Embahada ng Pilipinas sa Korea ang paglahok nito sa World Police Uniform Exhibition na gaganapin sa Oktubre 21-23, 2021 sa Incheon Songdo Convensia Center sa South Korea.**

Ito ay may kaugnayan sa pagdiriwang ng ika-76 National Police Day.

Itinurn-over ni H.E. Ambassador-designate Ma. Theresa B. Dizon-De Vega ang dalawang (2) set ng uniporme ng Philippine National Police (PNP) kay Multiculture Museum Director Kim Yun Tae. Naging saksi naman sa aktibidad ang Director of Education ng Multiculture Museum na si Scholten Geert Willem, Vice Consul Reisha Olavario, at Political Assistant Vivienne Velasquez.

Ang naturang uniporme ay nagmula sa PNP na ibibida sa gaganaping exhibition.

Malaking oportunidad para sa ating bansa ang World Police Uniform Exhibition upang ibida at bigyang-aral ang Korean nationals hinggil sa PNP at ang ambag nito sa pag-unlad at pagiging matatag ng ating bansa.

Sinabi rin ni Ambassador-designate De Vega kay Director Kim na bukas ang Philippine Embassy sa makipagtulungan para sa posibleng pagkakaroon ng PH cultural exhibitions, gayundin ang pagsuporta ng Embahada sa mga proyekto ng Multiculture Museum.

Samantala, iprinisinta ni Ambassador-designate De Vega kay Museum Director Kim ang T'nalak, isang tradisyunal na tela sa Pilipinas na itinuturing na espesyal dahil sa kakaibang proseso ng pagtatahi nito.

# P20.7-M halaga ng marijuana, nasabat; 8 suspek, natimbog



**Timbog ang walong (8) suspek dahil sa kasong paglabag sa RA 9165 sa magkahiwalay na operasyon sa munisipalidad ng Sadanga lalawigan ng Mountain Province noong Oktubre 13, 2021.**

Sa pamamagitan ng pinagsamang operatiba ng Mountain Province Police Provincial Office (MPPPO) sa ilalim ng pamumuno ni PCol Ruben B Andiso, Provincial Director kasama ang PDEA-Mountain Province/ MIMAROPA, RID PROCOR at RMFB 1502nd ay naharang ang isang gray Nissan Almera na may karga na 148 piraso ng marijuana bricks, anim (6) piraso ng dried marijuana stalks and leaves na may kasamang fruiting tops sa checkpoint area sa Sitio Ampaliwen, Poblacion, Sadanga.

Ang nakumpiskang marijuana ay tinatayang may timbang na 154 kgs at may street value na Php18,480,000. Nahuli rin ang tatlong (3) suspek na sakay sa naturang sasakyan na kinilalang sina Jorge Tomaldong Eyawon, Dario Diwean Diway, at Jake Caesar Bulosan Linchangan, kapwa mga residente ng Cudal, Tabuk City, Kalinga.

Samantala, sa tatlong (3) kilometro ang layo mula sa Sitio Ampawilen checkpoint ay nasabat naman ang isang black Toyota Grandia van na may dalang 19 marijuana bricks na tinatayang may timbang na 19 kgs at may street value na Php2,280,000 ang naharang ng mga awtoridad. Ang mga suspek na naaresto na lulan sa naturang sasakyan ay kinilalang sina Jonathan Fomanos Abella, residente ng Brgy. Gawana, Barlig, Mountain Province; Jeric Arzadon Sansano, tubong Bonfal East, Nueva Viscaya at kasalukuyang nakatira sa Brgy. Fuyayeng, Bontoc, Mt. Province; Samson Amiling Damaso, tubong Tadian, Mt. Province at kasalukuyang nakatira sa Brgy. Samoki, Bontoc, Mt. Province; at Sonny Kidit Kalaw, isang menor de edad at tubong Brgy Data, Sabangan, Mt. Province.

Ang onsite markings at imbentaryo sa mga ebidensiya ay isinagawa sa harap ng mga suspek at sinaksihan naman nina Eliang Anongos, Brgy. Chairman ng Poblacion, Sadanga; Ben Faguingas, Brgy. Kagawad ng Poblacion, Sadanga; Agnes Sacyafen, Brgy. Kagawad ng Poblacion, Sadanga at Ms. Valerie Taguba, Media representative.

Ang mga naarestong suspek at mga nakumpiskang ebidensiya ay dinala sa Sadanga Municipal Police Station para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon samantalang ang menor de edad na si Kalaw ay dinala naman sa MSWD ng Sadanga, Mt. Province.

# PNP, tumanggap ng 60 body-worn cameras mula PSSLAI



**Tumanggap ang Philippine National Police (PNP) ng 60 body-worn camera units at iba pang kagamitan mula sa Public Safety Savings Loan Association Inc. (PSSLAI) upang mas mapahusay ang operational capability ng pulisya.**

Ayon kay PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, makatutulong rin ang donasyong BWCs upang mapaigting ang transparency at accountability ng mga pulis sa kabila ng mga hinala at espekulasyon na ibinabato sa organisasyon sa mga nakaraang taon, lalo na sa kampanya kontra iligal na droga.

Ang mga body-worn camera ay ipamamahagi sa Criminal Investigation and Detection Group (CIDG), Anti-Cyber Crime Group (ACG), Anti-Kidnapping Group (AKG), PNP Drug Enforcement Group (PDEG) at PNP Integrity Monitoring Group (IMEG).

Bukod dito, nagbigay din ang PPSLAI ng isang (1) Toyota Innova, 10 computers, 13 printers, 11 scanners, tatlong (3) shredder at isang (1) photocopy machine.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si PGen Eleazar sa Board of Trustees at pamunuan ng PSSLAI sa pangunguna ni PSSLAI Chairman at CEO Atty. Lucas M. Managuelod.

"The continuous support of the PSSLAI to the PNP is a clear proof that they have been with us in achieving our goal of not only improving our operational capability but also to improve our services to the Filipino people because this is what police service is all about—to win the trust and respect of our kababayan," ani PGen Eleazar.

Hunyo ng kasalukuyang taon nang inilunsad ng PNP ang body-worn camera system kung saan 2,696 BWCs ang ipinamahagi sa 171 city police stations at offices sa buong bansa.

Bagamat 30,000 BWCs pa ang kailangan ng PNP para mabigyan lahat ng istasyon at yunit ng pulisya, nangako si PNP Chief na gagawin ng ahensya ang mandato nito sa abot ng kanilang makakaya upang matiyak ang kapayapaan at kaayusan ng ating bansa.

# P900K halaga ng kagamitan mula sa PNP, tinanggap ng BuCor

**Tumanggap ng matataas na kalibre ng mga baril at iba pang kagamitan na nagkakahalaga ng Php944,864.70 ang Bureau of Corrections (BuCor) mula sa Philippine National Police (PNP) noong ika-13 ng Oktubre sa Kampo Crame.**

Sa isang simpleng seremonya, personal na nai-turnover ni PNP Deputy Chief for Administration, Police Lieutenant General Joselito Vera Cruz, kasama si Police Brigadier General Ronaldo Olay, Director for Logistics, ang mga donasyon kay BuCor Director-General, Usec. Gerald Q. Bantag at Asec. Milfredo Melegrito.

Kabilang dito ang 40 yunit ng 12GA shotgun; 2,000 rounds 12GA shotshells; 40 yunit ng revolver cal .38; at 960 rounds Ctg. ball cal .38.

Ang mga kagamitan ay hindi na kasama sa supply line ng PNP at kabilang na sa disposable properties batay sa Table of Equipment ng ahensya.



"Under the PNP Memorandum Circular No. 2017-17 or the Revised Guidelines and Procedures in the Disposal of the Philippine National Police Property, Plant and Equipment, Transfer of Property is one of the modes of disposal. With this, we are glad to choose the BuCor as our recipient," ani PLtGen Vera Cruz.

Dagdag pa niya, BuCor ang napiling pagbigyan ng PNP bilang konsiderasyon sa pangangailangan ng kanilang tauhan ng mga karagdagang kagamitan, partikular na ang mga jail guard, upang mapanatili ang seguridad at kaayusan sa loob ng mga kulungan.

Samantala, nagpahayag ng pasasalamat si Usec. Bantag sa ibinigay na kagamitan at suporta ng PNP.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Mas mahigpit na pagbabantay laban sa banta ng COVID-19

Sa pagbaba ng Alert Level Status sa Kamaynilaan, mas magiging mahigpit ang Pambansang Pulisya sa pagbabantay at pagpapatupad ng minimum public health standards upang matiyak na susunod pa rin ang lahat dito.

Sa pag-uumpisa ng implementasyon ng Alert Level 3 sa Metro Manila, inatasan ko na ang ating mga unit commanders sa kalakhang Maynila na maging alerto at aktibo sa pagpapatupad ng minimum public health safety dahil baka maging kampante ang ating mga kababayan sa pagluwag ng patakaran na mauwi lamang sa muling pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 sa ating bansa.

Nakaalerto ang ating mga kapulisan ng buong National Capital Region Police Office sa tulong ng mga distrito nito. Nagtalaga rin tayo ng mga beat patrollers at karagdagang pulis sa mga lugar na inaasahang dadagsain ng mga tao.

Kasabay nito ang aking direktiba sa ating mga kapulisan sa Metro Manila na makipag-ugnayan hindi lamang sa mga LGUs kundi pati sa mga may-ari ng mga business establishments at iba pang mga lugar na maaaring dagsain ng ating mga kababayan. Inaasahan ko rin ang karagdagang mga pulis na magpapatrulya sa mga lugar na ito,

Muli tayong nakikiusap sa ating mga kababayan na huwag kalimutang isaisip at isapuso ang pag-iingat dahil hindi pa tuluyang naaalis ang banta ng COVID-19 sa ating bansa. Hindi ibig sabihin na ibinaba ang Alert Level Status ay magiging pabaya na tayo at pakakampante. Sumunod pa rin tayo sa mga ipinatutupad na safety health protocols at umiwas pa rin sa matataong lugar.

Samantala, tuloy-tuloy naman ang pagbaba ng kaso ng COVID-19 sa ating hanay kumpara noong mga nakaraang linggo. Isa sa nakikita nating dahilan ang pagtaas ng herd immunity ng pambansang pulisya dahil sa pagpapabakuna ng ating kapulisan.

Ganun pa man, sa labang ito, hinding-hindi po tayo susuko o panghihinaan ng loob sa halip ay lalo tayong tumatatag at nagkakaisa upang mapagtatagumpayan natin ang COVID-19. Sa ngalan ng diwa ng bayanihan, pagmamalasakit at pagmamahal sa bawat isa, mas lalo pa natin pagyayamanin at pagbubutihin ang ating sama-samang pagtugon laban sa banta ng pandemya.

# EDITORYAL

## Sa ngalan ng serbisyo publiko



Hindi madali ang landas tungo sa kapayapaan at kaayusan. Marami nang alagad ng batas ang nag-alay ng kani-kanilang buhay upang labanan ang mga taong naghahatid ng karahasan at kaguluhan sa ating bansa. Ngayon nga ay kasalukuyang nagdadalamhati ang hanay ng pambansang pulisya sa pagkamatay ng tatlong miyembro nito habang tinutupad at ginagampanan ang kanilang tungkulin na siguruhin ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.

Nito lamang Oktubre 15, napatay si PSSg Elvin Agting habang rumeresponde sa isang insidente ng pagpatay sa Brgy. Cubay North, Bugasong, Antique. Napatay si PSSg Agting ng suspek na si Roy Jalipa habang nagsasagawa ito at mga kasamahan sa Bugasong Municipal Police Station (MPS) ng hot pursuit operation laban sa suspek. Ayon sa ulat, isang caller na nagngangalang Acay Cordova ang humingi ng tulong sa Bugasong MPS dahil sa insidente na may isang tao diumano ang nambiktima ng isang lalake sa nasabing pook, wala nang ibang impormasyon na ibinigay ang caller. Pagdating nila PSSg Agting sa lugar, patay na ang biktimang si Brgy. Kagawad Efren Florendo kaya naman isinagawa ang hot pursuit operation laban sa suspek na napag-alamang nagtago sa bahay ng kapatid kung saan nangyari ang engkwentro at nagresulta sa pagkakapatay kay PSSg Agting.

Nito namang Oktubre 16, habang nagsasagawa ng beat patrol si PCMS Romeo Padua sa kahabaan ng Caceres Street sa Brgy. Dinaga, Naga City, bigla itong pinalo sa likod ng metal na tubo ng suspek na kinilalang si Jerico Cano. Nang mawalan ng malay, kinuha ng suspek ang isyung baril ni PCMS Padua tsaka ito binaril sa ulo. Pagkatanggap ng report sa nasabing insidente, agad namang rumesponde si PCpl Christian Del Valle pero nabaril rin ng suspek. Parehong patay sina PCMS Padua at PCpl Del Valle.

Ito ay nagpapatunay sa sakripisyo at matinding panganib na hinaharap ng bawat pulis sa araw-araw upang ipatupad ang batas at matiyak ang kaligtasan ng lahat. Lubos ang aming pagsaludo at pagkilala sa kabayanihan nina PSSg Agting, PCMS Padua at PCpl Del Valle. Ang bawat miyembro ng pambansang pulisya ay nakikidalamhati sa mga kaanak at pamilya ng ating mga kasamahang inialay ang kanilang nag-iisang buhay sa ngalan ng serbisyo publiko.

Walang mang salitang sasapat upang ibsan ang sakit na nararamdaman Ninyo, makakaasa kayo na ipagpapatuloy at paiigtingin pa ng mga kapulisan ang kanilang pagseserbisyo sa bayan bitbit ang kanilang natatanging sakripisyo. Ang kanilang kontribusyon sa PNP ay mananatiling malinaw na alaala ng responsable at magiting na pulis

Ang pag-aalay ng buhay ng ating mga kasamahan ay hindi magpapahina sa ating hangaring magsilbi bagkus mas lalong magpapatatag at magpapaliyab ng ating hangarin at adhikain upang isulong ang pangmatagalang kapayapaan sa ating pamayanan dahil sa pamamagitan nito, masusuklian natin ang kanilang sakripisyo.

# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Bilang ng Namatay sa COVID-19 sa PNP Umabot na sa 122

Umabot na sa isangdaan at dalawampu't-dalawang (122) katao ang namatay sa COVID-19 sa panig ng Philippine National Police ayon sa opisyal na ulat ng PNP Heatlh Service na may petsang Oktubre 13, 2021.

Sa regular na pagpupulong ng Joint Task Force COVID Shield Critique Session ay muling binigyang-diin ni PCOL Jezebel Medina, Deputy Director for Operation, PNP Health Service, nakalulungkot anya pero may mga naidadagdag pa rin na nasasawi sa panig ng ating mga pulis. Kaya naman, sa kabuuang bilang ay umabot na sa 41,005 katao ang tinamaan ng COVID-19 sa Pambansang Pulisya, pero ang magandang balita ay nasa 39,768 katao ang naka-rekober na. Ibig sabihin ay nasa 1,115 na lamang ang mga aktibong kaso na kung saan sila ay patuloy na nagpapagaling sa iba't-ibang mga quarantine health facilities sa buong bansa.

Sa mga miyembro naman ng ating Pambansang Pulisya na nabakunahan o fully vaccinated ay umabot na sa 186,155 katao o nasa 84% na ang tumanggap ng vaccine. Sa mga tumanggap naman ng 1st dose ay umabot na sa 31,478 katao o nasa 14% na; habang nasa 5,063 katao naman ang hindi pa nakatatanggap ng bakuna o nasa 2% na lamang. Ang nasabing bilang ay mula naman sa opisyal na talaan ng PNP CODA na may 222,696 total strength ng ating mga PNP Uniformed and Non-Uniformed Personnel sa buong bansa.

Umaasa naman si PNP Deputy Chief PNP for Operations (TDCO) at JTF CV Shield Commander, PLTGEN Israel Ephraim Dickson, na sa darating na mga araw ay tuluyan ng makatatanggap ng bakuna ang ating mga pulis sa iba't-ibang bahagi ng bansa.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL EDUARDO C. ABADAY**
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Pangitaing Mula Diyos Susi sa Ganap Pagbabago

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Ang inyo pong lingkod ay patuloy na nagpapasalamat sa inyong pagtangkilik sa aking kolum. Kagalakan ko po na kayo ay aking paglingkuran sa pamamagitan ng pagbabahagi ng "Mabuting Balita" mula sa "Salita ng Diyos" na nagbibigay kalakasan sa bawat panahon ng ating buhay.

Lahat tayo ay may kanya-kanyang karanasan sa buhay. May panahon na tayo ay masaya, masigla, malungkot at pinanghihinaan ng loob dahil sa mga pangyayari sa buhay. May mga pagkakataon na ginawa na natin ang pinaka-mahusay at pinaglaanan ng mahabang panahon. Inaasahan na magkakaroon ng magandang bunga ang lahat ng ating pinaghirapan. Ngunit iba ang nangyari sa ating inaasahan. Mayroon ngang salawikain na, "Ako ang nagsaing, iba ang kumain." Ikaw ang nagpagod at iba ang nakinabang. May mga pagkakataon na nangyayari ito sa atin. Sa ating institusyon ay pabago-bago ang ating destino.

Ang sulat ni Apostol Pablo sa "Bagong Tipan," at ito ang kanyang sinabi:

"Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, subalit ang Diyos ang nagpatubo at nagpalago. 1 Taga Corinto 3:6 (RTPV05).

Ang talatang ito ay nagtuturo sa atin na ang bawat-isa ay may kanya-kanyang tungkuling ginagampanan sa ikatatagumpay ng gawain o misyon na itinalaga ng Panginoon sa atin. Ikaw at ako ay may kanya-kanyang kasanayan at kaalaman na makakatulong sa tagumpay ng programa o proyekto ng ating institusyon.

1. Maaaring ang pangitain ay inilagay ng Panginoong Diyos sa iyong puso at ginawa ang plano. Inihanda ang mga gagamitin para sa programa o gawain. Iyon lamang ang bahagi na itinalaga sa iyo.
2. Ang pumalit sa iyo ang siyang maghahanda ng pondo para sa programa.
3. At ang pinakahuli ay inatasan ng Panginoong Diyos na isakatuparan ang programa o proyekto ng inyong opisina.

Maaaring makatanggap ng papuri ang nagsakatuparan ng iyong pangitain. Alalahanin natin, na kung hindi mo ginawa ang pangitain para sa inyong opisina ay hindi ito magkakaroon ng katuparan. Ang Panginoong Diyos ang nakakakita ng lahat ng ating ginagawa. May pagkakataon na hindi tayo kilalanin ng ating mga naging kontribusyon sa opisina. Magalak tayo dahil Ang Diyos ang magbibigay ng gantimpala sa atin.

Paano malalaman ang pangitain mula sa Panginoong Diyos?

"Aakyat ako upang bantayan at hihintayin ang sasabihin ni Yahweh sa akin, at ang tugon niya sa aking daing. Ito ang tugon ni Yahweh: "Isulat mo nang malinaw sa mga tapyas ng bato ang pangitaing ipahahayag ko sa iyo, upang sa isang sulyap ay mabasa agad at maipabatid ito. Isulat mo ito sapagkat hindi pa panahon upang ito ay maganap. Ngunit mabilis na lilipas ang panahon, at mangyayari ang ipinakita ko sa iyo. Bagama't parang mabagal ito, hintayin mo. Tiyak na mangyayari at hindi maaantala ito. Kung mayroon ito ay dapat nating isulat at gawan ng plano." Habakkuk 2:1-3 (MBB)

Ano ang sinasabi ng talata para matupad ang pangitain ng Panginoong Diyos?

1. Manalangin
2. Isulat ang pangitain
3. Ipahayag ito
4. Gawan ito ng plano

Ang pangitaing mula sa Panginoong Diyos ay magdudulot ng pagbabago sa isang bansa, buhay ng tao, at direksyon ng buhay ng isang tao. Mangyari nawa Panginoon na ang lahat ng tao ay makatanggap ng pangitain at maisagawa ito upang maranasan ang buhay na ganap at kasiya-siya na sa Iyo lamang matatagpuan.

Sa Diyos ang Papuri!





## Mahigit 1,000 pirasong dinamita ng NPA, nadiskubre sa bukidnon



**Nadiskubre ng mag awtoridad ang 1,076 piraso ng mga dinamita sa Sitio Malinao, Barangay Kalasungay sa Malaybalay City, Bukidnon.**

Ayon sa dating rebelde na si Ka Gaspar, ang mga ibinaon na dinamita ay gagamitin sa paggawa ng anti-personnel mine. Si Ka Gaspar ay dating squad leader ng North Central Mindanao Regional Committee. Kasama din sa narekober ang isang anti-personnel mine.

Nabatid na balak ng mga rebelde na gamitin ang mga pampasabog laban sa mga sundalo na nagsasagawa ng operasyon sa kabundukan ng Bukidnon. Ayon pa sa report, gagamitin umano ang mga nakuhang dinamita bilang ebidensiya sa pagsampa ng mga kaukulang kaso laban sa mga rebelde.



# Multi-faucet hygiene facility, pinasinayaan sa Kampo Crame

**Pinangunahan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang inagurasyon ng bagong multi-faucet hygiene facility sa Corner Col. Serrano Street sa Kampo Crame.**

Ang multi-faucet hygiene facility na pinasinayaan ay sa ilalim ng "Sabi ni 'Nay Maghugas ng Kamay, Lingap Kapulisan Program" ng PNP na inisyatibo ng Officers' Ladies Club (PNP-OLC) sa pangunguna ng adviser nito na si Mrs. Rosalie "Lally" Hernandez Eleazar, ang maybahay ni PNP Chief Eleazar.

Ang naturang programa ay sa pakikipagtulungan ng Manila Water Foundation, Incorporated (MWFI) at ng Soroptimist International Kaagapay.

Matapos ang 3-buwan, matagumpay na binuksan ang 17 hygiene facilities sa 17 Police Regional Offices sa buong bansa. Layon nito na mapigil ang pagkalat ng COVID-19 at iba pang nakakahawang sakit sa mga tauhan ng PNP upang sila'y mas maging produktibo at makapagserbisyo sa bayan.

"Today, we feel delighted to celebrate and share with you this momentous event of our journey in this program as we officially handover the 18th and last hygiene facility to mark the completion of our project," ani Mrs. Eleazar sa kanyang naging mensahe.

Lubos naman ang pasasalamat ni PGen Eleazar sa mga stakeholders na nagbahagi ng hygiene facilities sa PNP. Aniya, ito ang nagiging inspirasyon ng mga kapulisan na patuloy na magserbisyo sa gitna ng pandemya upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng publiko.

"Itong pasilidad ay malaking tulong para sa ating mga kapulisan ganun din sa mga kababayan natin na dumudulog sa ating tanggapan upang masiguro natin ang kanilang kaligtasan at proteksyon laban sa COVID-19 virus at mapigilan natin ang pagkalat nito," dagdag ni PGen Eleazar.

Kasabay ng inagurasyon ay ang turnover ng hygiene supplies mula sa Procter and Gamble Philippines at behavioral change nudge mula naman sa Department of Health (DOH).







# Valley Cops, nagpaabot ng tulong sa mga nasalanta ng bagyong Maring







**Nagsagawa ng relief operations ang mga kapulisan ng Police Regional Office 2 sa iba't ibang bayan sa Lambak ng Cagayan partikular na sa mga niragasa ng baha at pagguho ng lupa dulot ng bagyong Maring.**

Pinangunahan din ni PBGen Steve B Ludan, Regional Director ng PRO2, ang pamamahagi sa 1,140 food packs na nagkakahalaga ng Php1.2-milyon sa mga residente ng Brgy. Dungeg, Masi, Simpatuyu at Aridawen sa bayan ng Santa Teresita, Cagayan.

Ang naturang bayan ay isa sa mga hinagupit ng bagyong Maring nitong Oktubre 11 hanggang 12, 2021.

Samantala, nauna na ding nakatanggap ng food packs ang Muslim Community sa Centro 10, Tuguegarao City at ang mga residente ng Calayan, Cagayan.

Noong kasagsagan naman ng bagyo, ang mga kapulisan, katuwang ang lokal na pamahalaan at iba pang ahensya ng gobyerno ay nagsagawa ng feeding program sa mga residente na nasa evacuation centers.

"Ito ay unang bugso pa lamang ng tulong para sa mga kababayan nating nasalanta ng bagyong Maring sa buong rehiyon Dos. Sa tulong ng ating mga Stakeholders at iba pang ahensya ng pamahalaan, ang Valley Cops ay patuloy sa pagpapa-abot ng tulong at serbisyo sa ating mga kababayan," ani PBGen Ludan.

Ang inisyatibong ito ay mula sa ipinaabot na tulong ng Officers Ladies Club sa pangunguna ni Mrs Lizette Ludan, Adviser; GCF sa pamamagitan ni PMGen Benigno Durana Jr. (Ret), PBGen Crizaldo Nieves (Ret.); Department of Social Welfare and Development; Department of Health; lokal na pamahalaan ng Sta. Teresita sa pangunguna ni Mayor Rodrigo De Gracia, at iba pang ahensya ng gobyerno.

Samantala, ang naturang relief operations ay alinsunod sa programang PRO2 Lingkod Bayanihan, PNP BARANGAYanihan at ng Duterte Legacy Caravan na naglalayong buhayin ang diwa ng pagtutulungan at pagmamalasakit sa kapwa sa gitna ng mga unos na kinahaharap ng ating bansa.

# Ika-56 anibersaryo ng PNP-ITMS, idinaos




**Idinaos ng Philippine National Police-Information Technology Management Service (ITMS) ang kanilang ika-56 anibersaryo na may temang, "Charting the Path to the Next Normal through Innovation, Teamwork, Motivation and Service-Orientedness Amidst the Pandemic" noong Oktubre 15, 2021 sa PNP Multi-Purpose Center, Camp BGen Rafael T. Crame, Quezon City.**

Kanilang inilatag ang mga makabuluhang proyekto, kagaya ng Philippine National Police Covid-19 Data (PNPCODA); E-Sumbong Monitoring System; National Police Clearance System (NPCS); at PNP Drug Related Data Integration and Generation System (PNP-DRDIGS) na konektado sa Anti-Illegal Drug Information System (AIDIS) ng Department of Interior and Local Government (DILG).

Kaugnay naman sa PNP S.M.A.R.T. Policing, mayroon silang Human Resource Management Information System (HRMIS) at Support to Operations Management Information System (SOMIS).

Ilan lamang ito sa kanilang mga proyekto na malaking tulong sa PNP upang mas mapahusay at mapabilis nito ang pagseserbisyo sa publiko.

Bahagi ng pagdiriwang ang paggawad ng parangal para sa mga Uniformed at Non-Uniformed Personnel ng ITMS na nagpakita ng husay at dedikasyon sa serbisyo.

Kabilang rin sa pinarangalan ay ang iba't ibang stakeholders na naging katuwang ng ITMS sa pagsulong ng kanilang mga proyekto at programa.

Kasama sa isang linggong pagdiriwang ang 2nd PNP ITMS Hackathon, na nilahukan ng mga propesyonal na computer programmers, mga college students at mga software developer. Ito ay isang coding marathon at patimpalak upang makabuo ng isang software, hardware, website o anumang makakatulong sa paglago ng Information Technology.

Isang misa din ang idinaos bilang pasasalamat sa higit na kalahating siglo nang patuloy na serbisyo sa PNP.

Sa mensahe ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, kanyang binigyang-papuri ang mga sakripisyo at dedikasyon ng mga tauhan ng ITMS sa pangunguna ni PBGen Daniel C. Mayoni.

Binigyang-diin din ng hepe ang kahalagahan ng naturang yunit lalo na ngayong panahon ng pandemya.

"With the full support and the untiring efforts of the hardworking and dedicated men and women of this Service, the PNP ITMS is committed to achieve its vision of a highly capable and innovative service that delivers first class IT solutions for the PNP," ani PGen Eleazar.

Sa ika-56 na taon ng PNP ITMS, nakasentro ang kanilang pagseserbisyo sa pagbibigay ng mataas na kalidad ng serbisyo sa larangan ng IT, na kinakailangan sa Administrative at Operational Unit ng Pambansang Pulisya.

Ang Information Technology Management Service ay patuloy na magsusumikap upang ilapit ang serbisyo ng kapulisan sa mga mamamayan sa pamamagitan ng Information Technology.




# CSG, nagdiwang ng ika-41 anibersaryo; bagong gusali, pinasinayaan



**Ipinagdiwang ng Philippine National Police-Civil Security Group (CSG) ang ika-41 anibersayo nito na may temang, "Unity and Resiliency toward Responsive Regulatory Services Amidst Pandemic: Team ONO, Team CSG" noong Oktubre 10, 2021 sa Camp Crame, Quezon City.**

Dinaluhan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar bilang Guest of Honor and Speaker ang naturang selebrasyon.

Kasabay nito, pinasinayaan ang newly-renovated CSG Building na layuning makapagbigay ng mas komportable at kalidad na serbisyo para sa PNP, stakeholders at mga kliyente nito.


Sa kanyang mensahe, pinuri ni PNP Chief Eleazar ang mga tauhan ng CSG, sa liderato ni Police Major General Ferdinand B. Daway, dahil sa kanilang patuloy na pagpapatupad ng mga makabagong programa para mapaghusay ang pagseserbisyo sa publiko sa kabila ng COVID-19 pandemic.


Naging bahagi rin ng pagdiriwang ang paggawad ng parangal para sa mga tauhan ng CSG na nagpamalas ng husay at dedikasyon sa serbisyo.


"We must, at all times, give premium to excellence and integrity and reject mediocrity as well as dishonesty. By having a leadership that will stand firm with integrity and accountability, the battle against corrupt practices and red-tape can be won. These are what I have in mind when I launched the Intensified Cleanliness Policy in order to transform our PNP to a reliable, trustworthy and professional organization that serve as a key towards our end goal of winning the hearts and minds of the Filipino people, " pahayag ni PGen Eleazar.


"May this proud 41st Legacy inspire all of you to work even more with dedication and perseverance, worthy of the faith, and confidence entrusted upon you by the PNP leadership, the Filipino people and our beloved country and as you live up with the CSG core values: Client-friendly, Service-oriented, and God-fearing personnel," dagdag ng hepe.


Itinatag noong 1980 ang CSG bilang isang yunit ng PNP na siyang tagapangasiwa sa mga regulasyon hinggil sa pagkakaroon at paggamit ng mga baril, pampasabog, at private security industries.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

Ni: PLt Robert Fabregas

## Ang Susi Sa Tagumpay!

Sa anumang digmaan, ang tulong at suporta ng mamamayan ang susi sa tagumpay. Nag-aalab ang damdamin na tumulong sa pamahalaan, walang takot sa banta ng karahasan mula sa mga manliligalig, ang ganitong mga patriyotikong kasapi ng komunidad ang nagsisilbing mata at tenga ng Pambansang Pulisya sa ating pakikidigma laban sa mga terorista.

Dahil sa napapanahon at tamang inpormasyon mula sa mamamayan, nabigo ang maitim na plano ng New People's Army (NPA) na magsagawa nang pagpapasabog ng improvised explosive devices (IED) sa bayan ng Pinabacdao, Samar noong nakaraang buwan ng Mayo.

Sa gitna nang paghihirap ng mamamayan dahil sa pandemya na dala ng Covid-19, paghahasik pa rin nang karahasan at pananambang ang adhikain ng teroristang grupo.

Gayunpaman, dahil sa timely information, agad na nakaresponde ang mga kasapi ng Explosive Ordnance Division (EOD) ng Pinabacdao Municipal Police Station, 46th Infantry Battalion at EOD Battalion. Nakarekober ang mga tropa ng apat na IEDs na inilatag ng mga NPA sa Maharlika National Highway at sa boundary ng Barangay Pahug at Madalunot sa bayan ng Pinabacdao, Samar.

Noong April 6, 2020, may na recover din na IEDs sa mga karatig barangay ng Hubasan at Calbiga.

Matatandaan na noong nakaraang taon, dalawang empleyado ng Toyota Motors ang nakaligtas sa IED ambush attack nang ang kanilang sasakyan ay napagkamalang patrol vehicle ng PNP sa Maharlika Highway sa boundary ng Barangay Lale at Pahug. Noong December 2015, naambush din ang tropa ng pamahalaan na nagsagawa ng Relief Operation sa kasagsagan nang pananalasa ng Bagyong "NONA" sa kaparehong boundary pa rin ng Barangay Pahug at Madalunot.

Dahil sa tulong ng mamamayan ng Samar na galit na galit na sa paghahasik ng terorismo at karahasan ng mga NPA, muling napigilan ang sana ay malagim at madugong pangyayari. Salamat at saludo po kami sa inyong katapangan at malasakit sa ating bansa.

Muli, salamat po sa inyong suporta sa ating pamahalaan!




# 4 suspek sa iligal na droga, arestado sa buy-bust operation

**Pinapurihan ni NCRPO Regional Director, PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang matagumpay na operasyon kontra iligal na droga ng Southern Police District-Makati City Police Station sa ilalim ni PCol Harold Depositar, Chief of Police, na nagbigay-daan sa pagsabat sa humigit-kumulang na Php496,400 halaga ng iligal na droga.**

Sa ulat na isinumite, ang unang operasyon ay inilunsad ng SDEU, Makati City Police Station na pinangunahan ni PLt Eusebio B. Lowaton, Jr. noong Oktubre 11, 2021 sa 8B Upper Plaza, Brgy. West Rembo, Makati City na nagresulta sa pagkakaaresto ng dalawang (2) suspek na kinilalang sina Joey Prestado y Wico @Noy at Ronnie Boy Prestado y Aragon @Raf.

Samantala, matagumpay naman ang buy-bust operation na isinagawa ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit kung saan isang police officer ang umaktong poseur-buyer at nagawang makabili ng isang (1) piraso ng heat sealed transparent plastic sachet na may lamang shabu sa halagang Php500. Matapos ang drug deal ay saka isinagawa ang pag-aresto sa dalawang (2) suspek.

Nakumpiska sa mga suspek ang Php500 bill, apat (4) na heat sealed transparent plastic sachet ng shabu na may bigat na 11 gramo at may Karaniwang Presyo ng Droga na Php74,800.

Sa kabilang banda, ang nagsamang operatiba ng SDEU at SIS, Makati CPS ay naglunsad ng buy-bust operation noong Oktubre 12, 2021 sa Filmore St. Brgy. Palanan, Makati City na nauwi sa pag-aresto sa mga suspek na sina Jhon Carlo Trembevilla y Evangelista, 24 taong gulang, at Jayson Narvasa y Morales,18 taong gulang.


Nakumpiska sa nasabing operasyon ang isang (1) piraso ng transparent plastic bag na may puting malakristal na sangkap na hinihinalang shabu, isang Php1000 bill buy-bust money at 34 pirasong Php1,000 na boodle money.

Ang tansadong timbang ng nakumpiskang puting malakristal na sangkap na hinihinalang shabu ay 62 gramo at may Karaniwang Presyo ng Droga na Php421,600.

Ang mga arestadong suspek ay nasa kustodiya ng operating unit habang nahaharap sa kasong paglabag sa Art II RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Binabati ko ang Makati Police sa kanilang matagumpay na buy-bust operation na nagresulta sa pagkumpiska sa iligal na droga. Ang pina-igting na kampanya ng NCRPO laban sa iligal na droga ay magpapatuloy sa matibay na pagkilos ng mga operatiba. Makakaasa po kayo na hindi titigil at hindi mapapagod ang pulisya sa pagprotekta sa rehiyon laban sa droga at kriminalidad" diin ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Most Wanted sa Valenzuela, arestado




**Nadakip ang Most Wasted Person ng Valenzuela City Police Station sa pinagsanib na operasyon noong Oktubre 11, 2021 sa Maysan Road, Malinta, Valenzuela City.**

Inanunsyo ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. na naaresto si Richard Ventura y Jaurigue, 43 taong gulang ng mga operatiba ng Valenzuela CPS, Warrant at Subpoena Section na pinangunahan ng kanilang hepe na si PLt Robin D. Santos sa ilalim ni PCol Ramchrisen Villa Haveria, Jr., COP, VCPS kasama si Pat Lester Faigmani ng 5th Mobile Force Company, RMFB, NCRPO at mga tauhan ng Northern NCR Maritime Police Station, NFPC, Navotas City.

Si Ventura ay may nakabimbing warrant para sa krimeng Rape (RPC Art. 266-A) na may Criminal Case No. 989-V-21 na inilabas ni Hon. Mateo B. Altarejos, Presiding Judge, Regional Trial Court Branch 16-FC, Valenzuela City noong Setyembre 15, 2021.

"Ang tagumpay ng operasyon ay resulta ng patuloy na koordinasyon at dedikasyon ng ating kapulisan para madakip ang mga Top Most Wanted persons. Ang Team NCRPO ay magpapatuloy sa kanilang walang humpay na aksyon para masigurong ang mga sumasaway sa batas ay makulong," sabi ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 8th Most Wanted, huli sa Camarines Norte

**Inanunsyo ni NCRPO-PMGen Vicente D. Danao, Jr., na ang pinagsanib na operasyon ng mga tracker team ng PS-16 (Pasong Putik Police Station), QCPD sa pangunguna ni PLt Vincent Dominic S. Lucina sa superbisyon ni PBGen Antonio Yarra, District Director, QCPD at Paracale Municipal Police Station ay nagresulta sa pagkakaaresto sa kanilang 8th Most Wanted Person noong Oktubre 10, 2021 sa Purok 1, Brgy., Tawig Paracale, Camarines Norte.**

Ang akusado na kinilalang si Mia Lina Engaran y Palma ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas noong Setyembre 8, 2018 ni Hon. Maria Gilda Loja Pangilinan, Presiding Judge, para sa krimeng Estafa na may Criminal Case No. R-QZN-17-13820.

"Ang mabilis na aksyon at mahusay na pagsubaybay ng ating team laban sa mga taong may naghihintay na Warrant of Arrest ay nag-uwi ng magandang resulta at magbibigay ng hustisya sa mga pamilya ng biktima. Ang tagumpay na ito ay isang indikasyon na ang pwersa ng pulisya ay todo seryoso sa pagpapatupad ng ating kampanya kontra sa lahat ng uri ng kriminalidad," pahayag ni PMGen Danao. (NCRPO – PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)



# 2 pulis, nahaharap sa dismissal matapos iligal na magbenta ng Tocilizumab at mangikil



**Ipinag-utos ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa Internal Affairs Service (IAS) na madaliin ang imbestigasyon hinggil sa dalawang (2) pulis na naaresto sa magkahiwalay na operasyon dahil sa iligal na gawain.**

Arestado sa operasyon ng National Bureau of Investigation sa Quezon City ang suspek na si Police Staff Sergeant Ariel Yalung dahil sa iligal na pagbebenta ng overpriced Tocilizumab na gamot para sa mga pasyente ng COVID-19.

Ikinasa ng NBI ang operasyon matapos makatanggap ng reklamo na may 2-katao na nagbebenta online ng Tocilizumab sa halagang Php95,000. Ang presyo ng naturang gamot ay Php25,000 lamang.


Samantala, nahuli naman si Police Staff Sergeant June Angeles sa entrapment operation ng Integrity Monitoring and Enforcement Group (IMEG) matapos mangikil sa asawa ng isang bilanggo sa San Mateo, Rizal.


Tiniyak ni PGen Eleazar na matatanggal sa serbisyo sina Yalung at Angeles.

"Nakakulong na at nahaharap sa kasong kriminal at administratibo ang dalawang (2) pulis na ito at ipinapangako natin sa ating mga kababayan na patuloy ang aming gagawing paglilinis ng mga anay sa aming hanay," giit ng hepe.

Hinimok din ni PNP Chief ang publiko na agad isumbong sa mga awtoridad ang mga pulis na sangkot sa mga iligal na gawain.

# 2 Top Most Wanted, arestado sa magkahiwalay na manhunt operation




**Arestado ang dalawang (2) Top Most Wanted ng Porac, Pampanga at Concepcion Tarlac sa magkahiwalay na manhunt operation na isinagawa ng kapulisan noong Oktubre 10 at 11 ng taong kasalukuyan.**

Ayon sa ulat, alas 10:00 ng umaga ng Oktubre 10, nang ikinasa ng Porac MPS ang isang manhunt operation sa Sitio Baidbid Brgy. Sepung Bulaun, Porac, Pampanga na nagresulta sa pagkakaaresto kay Erwin Rosanto y Mercado, 38 taong gulang, security guard, may asawa, at residente ng nasabing lugar. Ang pagkakaaresto ng suspek ay sa pamamagitan ng Alias Warrant of Arrest para sa paglabag sa Art. 266 – A at Art. 336 ng RPC na may Criminal Case Nos. R – ANG-21-02724 to 02725 -CR na inisyu ni Hon. Katrina Nora S. Buan - Factora, Presiding Judge, Br. 10, Family Court, Regional Trial Court, Angeles City noong September 22, 2021 at may rekomendadong piyansa na Php170,000.

Samantala, ayon sa report ni PCol Renante C Cabico, PD, Tarlac PPO, bandang 12:05 ng tanghali ng Oktubre 11, arestado rin ang isa pang Top Most Wanted ng Concepcion, Tarlac sa ikinasang manhunt operation ng pinagsamang pwersa ng Concepcion MPS, 1st PMFC TPPO, CIDG PFU3 Tarlac, 304th RMFB, PSOTG-PIU, at PIDMB sa Brgy. Santiago, Concepcion, Tarlac. Kinilala ang suspek na si Irish Kristhel Barsenas y Basa, 26 taong gulang, may asawa, at residente ng Brgy. Tabun, Mabalacat City, Pampanga. Ang kanyang pagkakaaresto ay sa bisa ng Alias Warrant of Arrest para sa kanyang kasong Attempted Homicide at ibang Light Threats na may Criminal Case Nos. 178 and 179-20 na inisyu ni Hon. ANTONIO M. PANGAN, Presiding Judge ng 2nd MCTC OF Capas-Bamban-Concepcion Capas, Tarlac noong August 26, 2021 at may rekomendadong piyansa na Php36,000 at Php2,000.

# Mahigit Php280K halaga ng pekeng sigarilyo, nakumpiska sa Bataan

**Nakumpiska ang higit Php280,000 halaga ng pekeng sigarilyo sa ikinasang buy-bust operation ng pinagsamang pwersa ng mga tauhan ng Bataan PPO sa ilalim ng pamumuno ni PCol Joel K Tampis, CIDG PFU Bataan, CIDG RFU 3, RID PRO3, PIU Bataan at Samal MPS at sa kanilang pakikipag-ugnayan sa Phillip Morris Fortune Tabacco Corporation (PMFTC INC.) at Japan Tobacco International Philippines Inc. (JTI Inc.) sa Sitio Torres, Brgy. San Juan, Samal, Bataan, kamakailan.**

**Naaresto ang suspek na kinilalang si Mark Kalvin Bernardo y Santa Maria, 34 taong gulang, businessman at residente ng Sitio Torres, Brgy. San Juan, Samal, Bataan.**

**Nakuha mula sa suspek ang 35 reams ng Marlboro Red; 37 reams ng Marlboro lights; 38 reams ng Fortune green; 45 reams ng Fortune lights; 28 reams ng Mighty menthol soft packs; 11 reams ng Mighty menthol fliptop; 38 reams ng Jackpot green; dalawang (2) reams ng Marvels red; 13 reams ng Marvels green menthol; at isang (1) Php1,000 bill marked-money. Ang mga nakumpiskang pekeng sigarilyo ay tinatayang nagkakahalaga ng Php285,600.**

**Ang suspek ay haharap sa kasong paglabag sa RA 8293 o Intellectual Property Rights.**

# 10 mangingisda, nailigtas mula sa lumubog na bangka




**Noong Oktubre 10, 2021 bandang 12:30 PM, ang mga tauhan ng Taytay SBU na pinangunahan ni PSMS Edgar D Brillo, PNCOIC, sa ilalim ng pangangasiwa ni PCpt Bernie N Saldet Jr, OIC, 2nd SOU-MG, kasama ang Philippine Coastguard habang nagsasagawa ng regular na sea borne patrol operation sa mga tubig-dagat ng Munisipalidad ng Araceli, Palawan malapit sa Cacbucao Island sakay ng Dauntless Boat (SOU) 007 nang mapansin ni PSSg Ysmael Ibrahim sa di kalayuan ang isang pangkat ng mga mangingisda na kumakaway ng kanilang mga kamay bilang tanda ng pagkabalisa sa papalubog nilang bangka na minarkahan bilang "F/B Kian at Kurt" at "F/B Mac Mac".**

Agad nagsagawa ng rescue operation ang mga tauhan ng Taytay SBU 2nd SOU-MG kasama ang Philippine Coastguard sa pitong (7) mga tripulante na sakay sa "F/B Kian at Kurt" na sina Carlo P Cabangan, Boat Captain; Loyd Ducot; Ervin Durana; Francis Sabangan; Hener Villagracia; Alvin Bacaro; at Roel Dabatos, at sa tatlong nakasakay sa "F/B Macmac" na sina Santos Seruma, Kapitan ng Bangka; Arvin Bacaro, at Chito Sabangan, lahat kapwa residente ng Brgy. Biton, Taytay, Palawan.

Ayon sa mga nailigtas na mangingisda, tinamaan sila ng malalaking alon habang patungo sa pangingisda na naging sanhi ng pagkalubog ng kanilang mga bangka.

Ang sampung (10) mangingisda at ang dalawang (2) fishing boat ay ligtas na hinila patungo sa mainland ng Biton Island, Taytay, Palawan.

# Namatay na NPA sa Davao del Norte, binigyan ng maayos na burol at libing ng Pulis




**Inilibing na ang labi ng namatay na hinihinalang kasapi ng New People's Army na si alyas "Fredo", 19 taong gulang, umaga ng ika-12 ng Oktubre, 2021 sa Sitio Kailawan, Brgy. Sto. Niño, Talaingod, Davao del Norte sa tulong ng Revitalized-Pulis sa Barangay kasama ang 56th Infantry Battalion ng Philippine Army.**

Tinulungan ng mga tauhan ng RMFB 11 R-PSB sa pamumuno ni PLt Gerald Lopez ang pamilya nito na mabigyan ng maayos na burol at libing si alyas "Fredo" tanda ng kanilang sinserong pakikiramay sa pagkamatay nito.


Si alyas "Fredo" ay nasawi sa naganap na engkwentro ng AFP partikular na ang 56th Infantry Battalion sa ilalim ng 1003rd Infantry Brigade ng 10th Infantry Division kontra NPA sa Sitio Cabadiangan Brgy. Sto. Niño, Talaingod, Davao del Norte noong Oktubre 6, 2021.

Nakuha mula rito ang isang (1) armas, sampung (10) magazine na may mga bala, isang (1) improvised explosive device, hand grenade, solar panel, tatlong (3) backpack na may mga personal na gamit, mga pagkain at medical supplies, at mga subversive document.

Maging sa kabilang buhay, pulis ang naging karamay ng pamilya ng nasawi kung saan pinatunayan ng RMFB 11 R-PSB na hindi pinipili ng pulisya ang kanilang tinutulungan maging ito man ay mula sa pagkakalinlang ng makakaliwang grupo. Patuloy din sila sa pagsasagawa ng iba't ibang programa sa ilalim ng EO 70 NTF-ELCAC (National Task Force to End Local Communist Armed Conflict).

# 2 taga-suporta ng NPA, sumuko sa Isabela




**Dalawa (2) pang supporter ng New People's Army (NPA) ang boluntaryong sumuko sa mga awtoridad sa Isabela , Cagayan.**

Sina alyas "Pedro", 47 anyos; at "Karding", 57 anyos, kapwa residente ng Barangay Villa Pereda sa Delfin Albano, Isabela, ay sumuko sa tulong ng kanilang Barangay Chairman matapos mapagtanto na walang naidudulot na maganda ang pagsuporta nila sa mga rebelde.

Napag-alaman na noong 2013, naging bahagi sina Pedro at Karding sa Danggayan Dagiti Mannalon ti Isabela o DAGAMI, isang maka-kaliwang grupo, sa pamamagitan ni Cita Managuelod alyas "Karen" na nagsisilbing Consultant ng Regional White Area Committee, Kilusan sa Lungsod at Sentro ng Bayan at kalihim ng DAGAMI.

Ang dalawa ay kabilang sa mga napangakuan ni Managuelod na resolbahin ang land dispute na kinasasangkutan ng mga ito sa kanilang lugar subalit hindi ito natupad.

Ang boluntaryong pagsuko nina Pedro at Karding ay bahagi ng Project SAGIP (Sustaining our Advocacy to Grind Insurgency). Ang proyekto ay inisyatibo ng Isabela Police Provincial Office na naglalayong tulungan ang mga miyembro ng Communist Terrorist Groups (CTGs) at mga tagasuporta nito na sumuko at magbalik-loob sa gobyerno upang makamtan ang tahimik na pamumuhay kapiling ang kanilang mga pamilya.

# 2 Wanted na miyembro ng CTG, arestado



**Labing-lima (15) na miyembro ng Kalipunan ng Damayang Panlipunan (Kadamay) at dalawa (2) pang miyembro ng CTGs ang nagbalik-loob sa Bulacan at Nueva Ecija noong ika-9 ng Oktubre ng taong kasalukuyan.**

Ayon kay PBGen Valeriano T De Leon, Regional Director, PRO 3, pinangunahan ng 1st MC, RMFB3, San Jose Del Monte CPS, 1st at 2nd PMFC Bulacan PPO, 24th SAC PNP-SAF, PIU Bulacan, at San Rafael MPS ang pagbabalik-loob ng 15 white area personalities ng KADAMAY na nagsasagawa ng operasyon sa probinsya ng Bulacan.

Samantala, dalawang (2) dating miyembro ng CTGs ang nagbalik-loob sa Nueva Ecija. Kinilala ang dalawang rebelde na sina "Ka Carlos/Ka Calot/Ka Oscar", 47 taong gulang, may asawa, magsasaka at si "Ka Victor", 39 taong gulang, may asawa, magsasaka, sa ilalim ng Josefhino Corpuz Command. Ang kanilang pagbabalik-loob ay pinangunahan ng mga tauhan ng 2nd PMFC, NEPPO San Jose CPS, Talavera MPS, Guimba MPS, PIU- NEPPO, RIU3, RID-PRO3, 303rd MC, RMFB3 at 84IB 7ID PA.

# Php34-M shabu, nasabat sa Parañaque anti-illegal drug ops




**Pinapurihan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang matagumpay na anti-illegal drugs operation ng mga awtoridad sa Sucat, Parañaque City kung saan nakumpiska ang Php34 milyon halaga ng hinihinalang shabu.**

Batay sa report, naaresto ang suspek sa buy-bust operation na kinilalang si Kenneth Vito Cruz.

"I would like to commend our personnel and the PDEA for the confiscation of large quantity of shabu in an operation in Parañaque City. Ito ay isang patunay na naman ng magandang ugnayan ng dalawang ahensya sa ating mahigpit na kampanya laban sa iligal na droga," ani PGen Eleazar.

Matatandaang lumagda ng kasunduan ang PNP at PDEA noong Hulyo upang mas mapalakas ang information-sharing at interoperability ng dalawang (2) partido matapos ang insidente ng misencounter sa Quezon City.

Inaasahan ang patuloy na operasyon ng mga sindikato ng iligal na droga kaya tinapatan ito ng whole-of-government approach mula sa pagbabantay sa territorial waters at coastline kung saan ipinupuslit ang shabu hanggang sa intelligence-gathering at pagsasagawa ng agresibong operasyon laban sa kanilang mga galamay sa bansa, ayon kay PNP Chief Eleazar.

"Nakatutok man ang inyong kapulisan sa pandemya at mga preparasyon sa halalan, tinitiyak ko sa ating mga kababayan na hindi namin binibitawan ang aming adhikain na linisin ang ating bansa sa iligal na droga na nananatiling banta lalo na sa ating mga kabataan," dagdag ng hepe.

Bukod sa apat (4) na kilo ng shabu, nakumpiska rin ng mga operatiba ang Php1,000 at isang mobile phone mula sa suspek na nahaharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Patuloy ang follow-up investigation na isinasagawa ng pulisya upang matukoy ang supplier ng nasabat na droga.

# Mahigit P6-M halaga ng iligal na droga, nasamsam sa Angeles City, Pampanga



**Sa patuloy na operasyon ng Police Regional Office 3 sa pagsugpo ng iligal na droga sa nasasakupan, mahigit Php6 milyong halaga ang nakumpiska sa Angeles City, Pampanga noong Oktubre 11, 2021.**

Ayon sa ulat, sa ikinasang buy-bust operation ng Police Station 2-ACPO, CIU ACPO at CIDG CFU Angeles, sa harap ng Philippine Rabbit Bus Station, Brgy. Lourdes Northwest, Angeles City ay nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek na kinilalang si Jerome Aguilar y Mejia alyas Jeff, 30 taong gulang, walang asawa, at residente ng Brgy, Tagumpay, Quezon City.

Nakuha mula sa suspek ang 10 piraso ng plastic ice packs ng hinihinalang shabu na may timbang na isang (1) kilo at nagkakahalaga ng Php6,800,000; isang Php1,000 bill marked money at isang (1) bulto ng Php1,000 bill boodle money.

# Php300K iligal na droga, nasabat sa Davao Oriental

**Nasabat ang mahigit kumulang 30 gramo ng shabu na may tinatayang market value na Php300,000 sa isinagawang joint buy-bust operation ng mga tauhan ng Mati City Police Station, Regional Drug Enforcement Unit 11, PNP Maritime-Davao Oriental, PDEA Davao Oriental, PIB Davao Oriental Police Provincial Office sa Barangay Badas, Mati City noong araw ng Martes, ika-12 ng Oktubre, 2021.**

Ito ay nagresulta sa pagkakahuli sa suspek na si Richie Mark Luciano Palma alyas "Richie, 46 taong gulang, may asawa, at residente ng Townsite Poblacion, Lupon, Davao Oriental. Napag-alamang si alyas "Richie" ay isa ring Top 9 Regional Target ng Rehiyon.


Narekober din mula sa suspek ang isang (1) yunit ng caliber 45 pistol magazine na may lamang pitong (7) bala, at isang Kia Bongo na kulay puti na may plakang #JAK 4905.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa R.A. 9165 at R.A. 10591.

# 4 suspek, huli sa Php1-M buy-bust








**Nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drug Act of 2002 ang apat (4) na suspek matapos mahuli sa aktong pagbebenta ng iligal na droga noong Oktubre 13, 2021 sa Dasmariñas City.**

Bandang 3:40 ng hapon nang isagawa ng Special Operations Unit-4A, PNP-Drug Enforcement Group kasama ang Intelligence Group at Dasmariñas City Police Station ang isang buy-bust operation sa Block 81 Excess Lot, Barangay San Esteban, Dasmariñas City.

Ayon kay PBGen Remus B Medina, Director ng PNP DEG, kinilala ang mga arestadong mga suspek na sina Catherine Padilla Pangan, 40 anyos; Raquel Biguela Apines, 45 anyos; Rafael Aranilla Bugal, 56 anyos; at Rolando Navarro Anquillo, 45 anyos; pawang mga residente ng lungsod.

Nakumpiska mula sa mga suspek ang humigit-kumulang 150 gramo ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php1,020,000 batay sa Karaniwang Presyo ng Droga; Php1,000 halaga ng boodle money; dalawang (2) cellphone; at Unified Multi-Purpose ID ni Anquillo.

Ang mga suspek kasama ng mga narekober na ebidensya ay nasa pangangalaga ng SOU 4A, PNP DEG para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 41 * Oktubre 9 - 15, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Aklat de Gulong ng All-Women CMFC sa Cagayan, umarangkada





**Gumulong ang programang "Learning on Wheels" ng All-Women City Mobile Force Company sa Santiago City, Isabela.**

Ang "Learning on Wheels" ay naglalayong turuan ang mga bata hinggil sa kanilang mga karapatan at bigyan ng mga mahahalagang aral na maaari nilang maging gabay sa paglaki.

Sa naturang aktibidad, tinuruan ang bata hinggil sa RA 8353 o ang Anti Rape Law of 1997; Safe Touch vs Bad Touch; Project R.E.A.D.Y; at iba pang mahahalagang aralin.

Masigla namang nakilahok ang mga bata kung saan nakatanggap sila ng papremyong laruan at pagkain kapalit ng tamang sagot sa mga katanungan.

Samantala, nagsagawa rin ang All-Women CMFC ng BARANGAYanihan sa kaparehong lugar. Namahagi ang mga Aleng Pulis ng foodpacks sa mga piling benepisyaryo; nagsagawa ng feeding program; at libreng gupit sa mga bata at senior citizen.

# Kauna-unahang Christian Church sa isang Sitio, itinayo ng kapulisan



**Itinayo ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay Nasiblan, sa pangunguna ng kanilang Team Leader na si PLt Roland B Rubion, ang kauna-unahang Christian Church, na kabilang sa kanilang Quick Impact Project (QIP), ang Conservative Baptist Church of the Philippines na pinangangasiwaan ni Pastor Loloy Tabay sa Sitio Nasiblan, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte.**

Sa diwa ng Bayanihan, Hulyo 29, 2021 nang sinimulan ng mga tauhan ng R-PSB Nasiblan ang konstruksyon nito kasama ang mga residente at mga miyembro ng simbahan sa layuning mabigyan sila ng maayos na simbahan na siya ring kanilang matagal nang hinihiling kung saan pormal nang pinasinayaan nito lamang ika-9 ng Oktubre ng parehong taon.

Kabilang sa mga dumalo sa naging turn-over nito sina PLtCol Esteban Fernandez III, DPDO, DNPPO bilang kinatawan ni PCol Antonio D Alberio Jr, Provincial Director, DNPPO; PMaj Rowena M Jacosalem, RCADD 11; PCpt Ian James Acal, OIC, PCADU, DNPPO; PEMS Giovanne Infantet, MESPO bilang representante ni PCpt Elfren N Barredo, OIC, Talaingod MPS; PSSg Ariel Gracia, Bravo Company 56 IB 10 ID PA; Hon. Intot Juan, Councilor; Datu Pogsing Bobonan, Tribal Datu; Brgy Councilor; at Curay Ebudan, Purok Leader ng Sitio Nasiblan.

Matapos nito, sa pangunguna ni PMaj Jacosalem at PLt Rubion, sila ay namahagi rin ng mga pre-loved clothes para sa mga katutubo ng Sitio na mula naman sa mga mabubuting stakeholders ng R-PSB Nasiblan.

Bukod dito, ang kanilang grupo ay binuo rin ang People's Organization (PO) na R-PSB Nasiblan Young Gardeners Association at R-PSB Nasiblan Chicken Farmers Association para sa kanilang karagdagang kabuhayan at pagkakakitaan upang makatulong sa kani-kanilang pamilya lalo na sa panahon ng krisis.

Likas sa ating mga kapulisan ang pagiging Maka-Diyos at dito ay naipakita ng kanilang grupo ang kanilang pagsuporta sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa lugar kung saan naniniwala sila sa kahalagahan ng moral at spiritwal na aspeto ng isang tao na siyang kinakailangan at magsisilbing pundasyon tungo sa kapayapaan at kaunlaran ng kanilang lugar. Ito ay isa lamang sa serbisyong may integridad para sa komunidad ng R-PSB Nasiblan.

# Tapat na pulis, nagsauli ng napulot na P300K



**Isang magandang huwaran hindi lamang sa hanay ng kapulisan kundi sa ating lahat ang ginawang kabayanihan at serbisyong may puso ni PCpl Rene T Getigan sa pagganap nito sa kanyang tungkulin upang maibalik sa tunay na may-ari ang napulot na envelop na naglalaman ng malaking halaga.**

Araw ng Martes, Oktubre 12, 2021, habang si PCpl Getigan ay nagsasagawa ng kanyang mobile beat patrol sa kahabaan ng Palm Drive St. Buhangin, Davao City, nakita nito ang isang puting sobre na naglalaman ng pera at mga tseke.

Dito nga ay hindi nag-atubili si PCpl Getigan na kaagad itong dalhin sa Buhangin Police Station kung saan siya nakatalaga sa pamumuno ni PMaj Bernie B Suaga, Acting Station Commander upang humingi ng tulong sa police investigator dito upang matukoy at mahanap ang tunay na nagmamay-ari ng naturang sobre.

Ang nasabing sobre na hindi sinasadyang nahulog ng kolektor ng Metal Flow Hardware ay naglalaman ng dalawang (2) post-dated cheque na nagkakahalaga ng Php87,250 at Php92,615 kasama ang perang nagkakahalaga ng Php129,780 na may kabuuang halaga na Php309,645.

Namayani sa puso ni PCpl Getigan ang maglingkod sa kapwa sa kahit anong oras at sitwasyon lalo na siya ay may takot at pananalig sa Panginoon.

Ang pangyayaring ito ay muling nagpatunay sa pagiging tapat ng kapulisan sa kanilang sinumpaang tungkulin, na sa kabila ng mga personal na pangangailangan ay mas piniling maging isang pulis na magiting.

Matagumpay naman na naibalik ang malaking halaga ng pera at tseke sa nasabing hardware na lubos na ipinagpasalamat ng may-ari nito.

"Maging tapat lamang tayo sa ating trabaho lalo na sa ating kapwa-tao at pagseserbisyo sa bayan, dahil ang Pulisya ay dapat laging maaasahan sa lahat ng bagay lalo na sa mga nangangailangan ng tulong", saad nito.